

Fish Farming and Harvesting Tools

Subject/Grade Level:	<i>Grade 9 TLE</i>
Title:	<i>Fish Farming and Harvesting Tools</i>
Competency:	<i>Fish Farming and Harvesting Tools</i>
KCh Learner Values:	Community – Oriented <i>I belong to a community.</i>
Critical Issue:	<i>Fish Farming, Agribusiness</i>

I. Objectives

At the end of the session, students should be able to:

- Cite factors to consider in establishing a fish farm;
- Discuss how a fish pond is created;
- Discuss the stages of fish production;
- Understand the types of feed used in fish farming.

II. Summary of the Episode

This episode focuses on establishing fish farms and the stages of fish production including the proper management of ponds and fish feeding. It also discusses the proper care for fish to ensure top quality products.

III. Pre-Viewing (Motivation)

1. Bilang parte ng motivational activity, simulan ang session sa pagkwento ng isang istorya:

Ako si Leo, tinatawag ako ng karamihan na “Tito Aga” dahil sa sobrang aga ng aking pagkagising tuwing umaga. Ito ay dahil kailangan ko gampanan ang aking trabaho bilang tatay ng pamilya kung kaya naman umaalis ako gamit ang aking bangka papunta sa malayong parte ng dagat upang mangisda .Kalimitan ko lang nahuhuli sa isang buong umaga ay tatlong isda. Minsan kung pinalad ay nakakahuli ako ng malaking isda.

Pagkatapos nito ay uuwi ako at pupunta ako sa palengke upang ibenta ito. Kadalasan ang kita ko sa isang araw ay Php 200 lang. Matagal ko nang ninanais na tumaas ang kita ko 'di lang para sakin kundi para na rin sa pamilya ko. Marami ang nagsasabi na subukan ko daw magsimula ng isang 'fish farm' ngunit di naman ako maalam sa pasimula sa ganitong negosyo.

2. Bigyang ng dalawang (2) minuto ang estudyante upang pagisipan ang kwento. Pagkatapos ay tanungin ang mga sumusunod:
 - a. Tungkol saan ang istorya?
 - b. Bakit nahihirapan si Tito Aga?
 - c. Ano sa tingin mo ang dapat niyang gawin?
3. Ipakilala sa klase ang paksa na Aquaculture (Fish Farming). Ipaliwanag ang mga benepisyo ng pagpasok sa negosyong ito.

IV. Viewing Proper

- **AgriCOOLture** (Grade 9)
"Fish Farming and Harvesting Tools"

V. Post Viewing

1. **Questions** (re the episode)
 - a) Tungkol saan ang inyong napanuod?
 - b) Ano ang mga bagong konsepto na iyong narinig mula sa episode na ito? Ipaliwanag.
2. **Review Questions** (re content)
 - a) Ayon sa napanuod, anu-ano ang mga kailangan malaman bago magtayo ng isang fish farm?
 - b) Paano nabubuo ang isang fish pond? Ano ang mga kalakip na pataba sa pagsasagawa nito?
 - c) Bakit hinihiwalay ang mga *fry* (maliliit na isda) sa mga malalaking isda?
 - d) Ano ang mga feed na ipinapakain? Bakit kailangan iba-iba ang mga ipinapakain sa mga isda?
3. **Deepening**

- a) Base sa inyong napanood, ano ang masasabi mong kakaiba sa fish farming?
- b) Mayroon ka bang alam na fish farm malapit sa inyo? Ano ang nakikita mong ginagawa sa fish farm na ito?

4. Group Work/Activity

Mechanics:

- Hatiin ang klase sa dalawa
- Isasagot sa pisara ng mga estudyante ang mga benepisyo na nakukuha mula sa fish farming sa loob ng dalawang (2) minuto.
- Pagkatapos ay tsetsekan ang mga sagot.
- Kapag meron mga sagot na katulad ng nasa kabilang grupo o kaya nama'y walang koneksyon sa paksa ay tatanggalin ninyo ito.
- Ang mga natirang sagot ang magiging puntos para sa laro. Ang may pinakamaraming puntos ang panalo.
- Ipapaliwanag sa mga estudyante ang kanilang mga sagot

VI. Synthesis and Valuing

Para tapusin ang session, itanong ang mga sumusunod:

1. Bakit kailangan tutukan ang paglaki ng mga isda sa fish farm?
2. Sinabi sa episode na ang tubig na pinagtayuan ng fish farm ay "Brackish water" o pinaghalong tubig alat at tabang. Ano sa tingin mo ang rason bakit tinayo ito ni Eric sa lugar na ito? Ano ang nagagawa ng Brackish water?
3. Pagusapan ang mga stratehiya na ginamit ni Eric sa kanyang fish farm. Ano kaya ang mga nagawa nya na nagdulot sa pagiging maunlad ng kanyang negosyo?

Water Quality Management

Subject/Grade Level:	<i>Grade 9 TLE</i>
Title:	<i>Water Quality Management</i>
Competency:	<i>Water Quality Management</i>
KCh Learner Values:	<i>Community – Oriented I belong to a community.</i>

VII. Objectives

At the end of the session, students should be able to:

- Discuss what aquaculture is;
- Differentiate ways of fish farming;
- Enumerate factors to consider in maintaining a fish pond.

VIII. Summary of the Episode

The episode talks about aquaculture business through the fish farm of Eric. From here, lessons about different ways of taking care and managing a fish farm can be learned. The episode also talks about the fish industry and how an aspiring fish farmer can start his/her own business if they choose to pursue this career.

IX. Pre-Viewing (Motivation)

Game: **Charades**

1. Hatiin ang klase sa dalawa o tatlong grupo.
2. Bawat grupo ay dapat pumili ng isang kinatawan (o representative).
3. Sa simula ng bawat round, bibigyan ng card ang napiling representative. Ang card ang magsisilbing salita na kailangan hulaan ng natitirang miyembro ng grupo.
4. Bawat grupo ay bibigyan ng isang (1) minuto para hulaan ang salita. Kailangang gamitin ng representative ang buong katawan maliban sa bibig para tulungang mahulaan ng grupo ang salita.
5. Mga salitang dapat hulaan:

Aquaculture	Lambat
Isda	Bangus
Intensive	Hipon
Tubig	Dagat
Farming	Oxygen

Tanungin ang mga estudyante sa kung ano sa tingin nila ang paksa ng talakayan base sa mga salitang hinulaan.

X. Viewing Proper

- **AgriCOOLture** (Grade 9)
“Water Quality Management”

XI. Post Viewing

5. Questions (re the episode)

- c) Tungkol saan ang inyong napanuod?
- d) Ano ang mga bagong konsepto na iyong narinig mula sa episode na ito? Ipaliwanag.

6. Review Questions (re content)

- e) Mula sa inyong napanuod, ano ang aquaculture business?
- f) Ayon sa episode, mayroon tatlong klase ng fish farming. Magbigay ng isang naaalalamo at ano ang ginagawa dito?
- g) Anu-ano ang mga dapat alalahanin at gawin kapag nagaalaga ng isang fish farm?

7. Deepening

- c) Mula sa extensive, semi-intensive, at intensive farming ano para sayo ang pinaka epektibong pamamaraan ng fish farming? Bakit?
- d) Mayroon ka bang alam na fish farm malapit sa inyo? Ano ang nakikita mong ginagawa sa fish farm na ito?

8. Group Work/Activity

Mechanics:

1. Hatiin ang klase sa dalawa o tatlong grupo.
2. Bawat grupo ay bibigyan ng mga drawing materials (cartolina, markers, pencils).
3. Bawat grupo ay bibigyan ng 5-10 minutes para i-drawing ang kanilang sariling larawan ng isang fish farm. Sa likod ng kartolina ay kanila namang isusulat ang sa tingin nilang mga bagay na kailangan sa pamamahala ng isang fish farm.
4. Bawat grupo ay dapat i-presenta sa harapan ng klase ang larawan na kanilang nai-drawing.

XII. Synthesis and Valuing

Para tapusin ang session, itanong ang mga sumusunod:

1. Paano nakakatulong ang negosyong aquaculture sa mga mangingisda?
2. Bakit mahalaga ang aquaculture business?
3. Bago pumasok sa aquaculture business maraming mga kailangan alamin at gawin upang gumanda ito. Pagusapan ang kahalagaan ng pamamahala at pag-monitor sa fish farm (lambat, fish pond, etc.) at pagalaga sa mga isda (dissolved oxygen, tubig, etc.)
4. Hayaan ang klase na mag-isip kung ano kaya ang mga makabagong teknolohiya o stratehiya ang maaaring gawin upang mas gumanda ang aquaculture business.

Selecting Quality Chicks and Physical Characteristics of a good quality chick

Subject/Grade Level:	<i>Grade 9 TLE</i>
Title:	<i>Selecting Quality Chicks and Physical Characteristics of a good quality chick</i>
Competency:	<i>Selecting Quality Chicks and Physical Characteristics of a good quality chick</i>
KCh Learner Values:	<i>I am Responsible Owns his/her decisions and translates them to action.</i>
Critical Issue:	<i>Caring for Species, Agribusiness</i>

XIII. Objectives

At the end of the session, students should be able to:

- Discuss the difference between organic and non-organic farming;
- Differentiate layer chicken from broiler chicken;
- Enumerate traits of a good breeder hen/rooster;
- Enumerate breeds of native chicken.

XIV. Summary of the Episode

The episode focuses on the basic concepts of organic poultry farming such as types of chicken and traits of a good quality breeder hen/rooster. It also covers the different breeds of commercial and native chickens available in a poultry farm.

XV. Pre-Viewing (Motivation)

1. Bilang parte ng motivational activity, hatiin ang klase sa dalawa o tatlo na grupo at i-kwento sakanila ang istoryang ito:
 - *Ako si Juan. Grade 9 student. Lumaki ako na kasama ang aking lolo at lola. Mayroon kaming maliit na bakuran kung saan may ilang mga manok na inaalagaan ang aking lolo. Sa ilang taon niyang pag-aalaga ng manok ay hindi na naging problema ang pagbili ng itlog at ulam na manok sapagkat ito ay na nanggagaling na sa mga alagang manok ng aking lolo. Dahil dito, nahikayat ang aming mga kapitbahay at nagsimula na silang magpa-turo sa aking lolo tungkol sa pag aalaga ng manok.*
2. Pagkatapos marinig ang istorya, itanong ang mga sumusunod:
 - a. Tungkol saan ang istorya?
 - b. Naranasan mo na ba ang parehas na sitwasyon?
 - c. Ano ang iyong reaksiyon/komento?

3. Inihayag ng istorya ang isang benepisyo ng pag-aalaga ng manok sa sariling bakuran. Itinuro din sa istorya kung paano nakakatulong ang pag-aalaga ng sariling manok sa pang-araw araw na buhay.

XVI. Viewing Proper

- **AgriCOOLture** (Grade 9)
“Selecting Quality Chicks and Physical Characteristics of a good quality chick”

Sabihin sa mga estudyante ang paksa na tatalakayin sa video. Ito ay ang poultry production kung saan ang iba’t ibang breeds ng manok, ang mga katangian ng isang magandangandang at inahin ay kanilang aalamin.

XVII. Post Viewing

9. Questions (re the episode)

- a. Tungkol saan ang video na napanood?
- b. Ano ang mga bagong konsepto na iyong natutunan mula sa napanood na episode? Ipaliwanag.

10. Review Questions (re content)

- a. Ayon sa napanood, ano ang pinagkaiba ng organic farming sa non-organic farming?
- b. Ano ang kaibahan ng layer chicken sa broiler chicken?
- c. Ano ang mga katangian na dapat tandaan sa pagpili ng breeder hen at breeder rooster?
- d. Pamilyar ka ba sa mga breed ng manok na nabanggit sa napanood? Bakit?
- e. Anu-ano ang mga uri ng manok na iyong nakikita sa inyong komunidad?

11. Deepening

- a. Paano nakakatulong ang organic farming sa ating pamumuhay?
- b. Ano ang kahalagahan ng pagkain ng organic products sa ating kalusugan?
- c. May kakilala ka ba na nag-aalaga ng organic chicken at commercial chicken? Ayon sa kanila, ano ang pinagkaiba ng pag-aalaga ng dalawa? Ikwento sa klase ang karanasan.

4. Group work/activity

- a. Hatiin ang klase sa dalawang grupo. Pumili ng isang representative sa bawat grupo. Lagyan ng piring ang mata at bibigyan ng papel na hugis bituin na may pandikit ng napiling representative.

- b. Mag-dikit ng tig-dalawang litrato ng tandang at inahin sa pisara o dingding. Sa bawat dalawang litrato ng manok, ang isa ay nagtataglay ng katangian ng magandang tandang o inahin. Ang isa naman ay nagtataglay ng hindi magandang katangian ng tandang at inahin.
- c. Ang mga natitirang miyembro ng grupo ay dapat i-examine ang mga larawan at piliin ang inahin at tandang na nagtataglay ng magandang katangian.
- d. Ang mga natitirang miyembro ng grupo ang gagabay sa representative papunta sa napiling larawan para idikit ang papel na hugis bituin.
- e. Ipapaliwanag ng guro ang kahagalahan ng nasabing laro: mahalaga malaman ang mga katangian ng isang magandang inahin o tandang dahil makakaapekto ang anumang pangit na katangian sa mga magiging sisiw nito.

XVIII. Synthesis and Valuing

Para tapusin ang session, tanungin ang mga sumusunod:

1. Ano ang mga benepisyong organic farming?
2. Paano ka makakatulong sa pagpromote ng pag-aalaga ng native chicken?
3. Isa ang manok sa mga hayop na maaaring alagaan sa isang organic farm. Ang manok ay maaaring gamitin para sa pagproduce ng itlog at ng karne. Mahalaga rin na malaman kung ano-ano ang mga katangian ng isang magandang inahin at tandang.

Status of the breed/strain of stocks to raise, Essential nutrients needed by the chicken

Subject/Grade Level:	<i>Grade 9 TLE</i>
Title:	<i>Status of the breed/strain of stocks to raise, Essential nutrients needed by the chicken</i>
Competency:	<i>Status of the breed/strain of stocks to raise, Essential nutrients needed by the chicken</i>
KCh Learner Values:	<i>I am Responsible Owns his/her decisions and translates them to action.</i>
Critical Issue:	<i>Caring for Species, Agribusiness</i>

XIX. Objectives

At the end of the session, students should be able to:

- Discuss the stages of handling chickens;
- Enumerate the benefits of free-ranged farming;
- Enumerate classification of feeds.

XX. Summary of the Episode

This episode focuses on the stages a chicken undergoes in poultry production. It will also cover the advantages of free-range farming and production of feeds given to the chickens.

XXI. Pre-Viewing (Motivation)

1. Bilang parte ng motivational activity, hatiin ang klase sa dalawa hanggang tatlong grupo.
2. Bawat grupo ay dapat pumila katapat ng isang upuan.
3. Kailangang umikot ang unang miyembro sa upuan pabalik sa kanilang pila. Sa susunod na pag-ikot ay kailangan na kasama na niya ang isa sa kaniyang ka-grupo hanggang sa lahat na ng miyembro ay makaikot sa upuan.
4. Sa bawat pag-ikot ay kailangang gayahin ang galaw ng isang manok – igalaw ang mga braso na parang pakpak ng isang manok.

XXII. Viewing Proper

AgriCOOLture (Grade 9)

Status of the breed/strain of stocks to raise, Essential nutrients needed by the chicken

Sabihin sa mga estudyante ang paksang tatalakayin sa papanoorin na video. Ito ay ang poultry production kung saan ang apat na stages na dinadaan ng bawat sisiw hanggang sa maging inahin o tandang ay tatalakayin.

XXIII. Post Viewing

2. Questions

- a. Tungkol saan ang video na napanood?
- b. Ano ang mga bagong konsepto na iyong natutunan mula sa napanood na episode? Ipaliwanag.

3. Review Questions

- a. Ayon sa napanood, ano ang apat na stages ng poultry production?
- b. Ano ang ibig sabihin ng salitang 'ad libitum'?
- c. Ilang araw kailangan manatili ang mga itlog/chicks sa incubator o incubation period?
- d. Gaano katagal dapat manatili ang mga manok sa hardening stage?
- e. Pamilyar ka ba sa mga feeds na ginagamit sa poultry farming?

4. Deepening

- a. Ano ang kahalagahan ng bawat stage sa pagpapalaki sa mga manok?

- b. May kakilala ka ba na nag-aalaga ng manok mula sa sisiw hanggang sa ganap nang inahin o tandang? Ayon sa kanila, ano ang kahalagan ng bawat stage ng produksyon nito? Ibahagi ang karanasan.

5. Group work/activity

- a. Hatiin ang klase sa tatlo hanggang limang grupo.
- b. Bawat grupo ay bibigyan ng apat na litrato na naglalaman ng bawat stage ng pag-aalaga ng mga sisiw hanggang sa maging ganap nang inahin o tandang.
- c. Paunahan ang bawat grupo na ayusin ang mga litrato ayon sa mga stages na natutunan sa napanood na episode.
- d. Ipapaliwanag ng guro ang kahalagahan ng nasabing laro: Mahalaga na malaman ang iba't ibang stages ng pagpapalaki ng manok upang makapagbigay ng naaayon na dami ng pagkain at tubig at para na rin maiwasan ang pagkamatay nito.

XXIV. Synthesis and Valuing

Para tapusin ang session, tanungin ang mga sumusunod:

1. Sa inyong palagay, paano nakakatulong ang pagkakaroon ng iba't ibang stages ng pag-aalaga ng manok?
2. Bilang mga estudyante, paano tayo makakatulong sa pagp-promote ng organic farming?
3. Ang pag-aalaga ng manok ay nangangailangan ng apat na stages:
 - a. **Incubation and hatching** – ang mga itlog ay inilalagay sa incubator hanggang sa lumabas na ang sisiw; sila ay tumatagal lamang ng 21 days sa loob ng incubator
 - b. **Brooding** – ang mga sisiw ay inilalagay sa brooder kung saan unlimited ang supply ng pagkain at tubig; mayroon din na bumbilya sa bawat brooder na nagsisilbing init para sa mga sisiw
 - c. **Hardening** – ang mga manok ay dinadala sa hardening cage kung saan ang pagkain ay binibigay lamang sa itinakdang oras; nagsisilbing paghahanda para sa ranging area; ang mga manok ay mamamalagi sa hardening area ng dalawang (2) linggo
 - d. **Ranging area** – ang mga manok ay dinadala sa ranging area kung saan malaya silang mag-ikot kasama ang iba pang mga manok

Farm Implements, Hand Tools and Equipment

Subject/Grade Level:

Grade 9 TLE

Title:

Farm Implements, Hand Tools and Equipment

Competency: *Farm Implements, Hand Tools and Equipment*

KCh Learner Values: *I solve problems Creatively*
Solves problems creatively, using his/her resourcefulness and imagination.

Critical Issue: *Caring for self and others, Agribusiness*

XXV. Objectives

At the end of the session, the students should be able to:

- Discuss the process of seedling preparation;
- Describe the purpose of a seed nursery;
- Familiarize concepts involved in organic farming;
- Discuss the overall process of crop production;
- Assess ways of proper crop management and production.

XXVI. Summary of the Episode

This episode will talk about the steps of crop production beginning from seedling management down to the actual harvesting of crops. It will also give tips and steps into proper planting and management of crops including organic fertilizer and land preparation.

XXVII. Pre-Viewing (Motivation)

Mechanics

- Hatiin ang klase sa tatlo hanggang limang grupo.
- Bago simulan ang laro, pakantahin ang buongklase ng *Bahay Kubo*.
- Pagkatapos kumanta bigyan ang bawat grupo ng papel, dito sila sasagot para sa laro
- Mayroong labing walo (18) na gulay sa kantung *Buhay Kubo*. Bilang guro ikaw ang magbibigay ng bilang kung saan magpapaunahan ang mga estudyante isulat ang sagot sa papel. Ang unang makataas ng papel ang panalo sa round na iyon.
- Para dagdagan ng hirap ang laro, bawal kumanta ang mga grupo ng malakas. Kailangan lang nila isulat ng at itaas.
- Kung gusto pa dagdagan ang hirap ng laro, ipasulat sa ingles ang gulay na naaayon sa bilang na sinabi.

Synthesis of game

- Tanungin ang klase kung saan lahat matatagpuan ang mga gulay na kanilang sinagot.
- Sabihin ang paksa ng episode ngayong araw ay tungkol sa *Organic Farming* at ditto

makikita at mapapagaralan ng mga estudyante kung paano mag-alaga ng mga ani upang makasisigurong ito ay lumaki ng maayos.

XXVIII. Viewing Proper

AgriCOOLture (Grade 9)

Farm Implements, Hand Tools and Equipment

XXIX. Post Viewing

6. Questions (re Episode)

- a. Tungkol saan ang inyong napanuod?
- b. Ano ang mga bagong konsepto na iyong narinig mula sa episode na ito?
Ipaliwanag.

7. Review Questions (re Content)

- a. Ano ang ginagawa sa Seedling area?
- b. Ano ang ginagawa sa Seed Nursery?
- c. Bakit kailangan gawin ang 'Land preparation'?
- d. Paano isagawa ang 'Kitchen Waste Composting'?
- e. Anu-anong mga dapat tandaan at gawin bago, tuwing, at pagkatapos magtatanim ng ani?

8. Deepening

- a. Nasubukan mo na ba mag-Organic Farming?
- b. Ano sa tingin mo ang pagkakaiba ng Organic Farming sa iba pang klase ng farming (traditional, industrial)?
- c. Kung ikaw ay magiging isang magsasaka ano ang tipo ng ani ang gusto mo itanim?

9. Group Work/Activity

- Gumawa ng isang skit kung saan ipinapakita ang bawat stage ng crop production hanggang sa pagaani.

XXX. Synthesis and Valuing

Para tapusin ang session, itanong ang mga sumusunod:

1. Bakit mahalaga gawin ang Organic farming?
2. Ano sa tingin mo ang ano ang advantage at disadvantage ng Organic Farming?
3. Paano ka makakatulong sa paglaganap ng organic farming sa iyong komunidad?
Ipaalala ang Organic farming ang pinakanatural na pamamaraan ng pagsasaka kung kaya dapat nila pagisipan ang mga sumusunod:

- Ang mga stages ng crop production mula seedling area, nursery, green room, at mismong pagaani ng tanim.
- Isipin ang kapakanan ng mga seedlings, seed, at ani sa iyong pagsasaka
- Tinuturuan ng Organic farming ang pagiging maalam at maparaansapagsasaka
- Ginagamit sa Organic Farming ang mga natural napataba

Nakakabuti ang Organic farming hindi lamang sa produkto kung hindi pati na rin sa kalikasan (lupa, hangin, etc.)

Large Scale Farming, Risk of tractor accidents

Subject/Grade Level:	<i>Grade 9 TLE</i>
Title:	<i>Large Scale Farming, Risk of tractor accidents</i>
Competency:	<i>Large Scale Farming, Risk of tractor accidents</i>
KCh Learner Values:	<i>I solve problems Creatively Solves problems creatively, using his/her resourcefulness and imagination.</i>
Critical Issue:	<i>Caring for self and others, Agribusiness</i>

XXXI. Objectives

At the end of the session, the students should be able to:

- Differentiate intercropping from crop rotation;
- Identify farming techniques;
- Enumerate steps in crop production;
- Discuss steps in post-harvest activity.

XXXII. Summary of the Episode

The episode focuses on the steps of crop production – land preparation, transplanting, spraying of pesticides, and harvesting. It also tackles the different stages in post-harvest activity.

XXXIII. Pre-Viewing (Motivation)

1. Bilang parte ng motivational activity, hatiin ang klase sa tatlo hanggang limang grupo at basahin sa kanila ang istoryang ito:

Ako si Nicole. Grade 9 student. Mula noong bata pa ako, palagi kaming pumupunta sa bahay ng aking Tita Maya tuwing sabado at linggo. Mayroon siyang isang ektaryang lupain kung saan maraming tanim na gulay. Isinasama ako lagi ng aking Tita Maya sa tuwing magtatanim siya ng kangkong. Tinuruan niya rin ako kung paano mag-lipat ng maliliit na halaman sa kanilang malaking

bakuran. Ngayon, sa aming sariling bahay ay may maliit na rin akong taniman ng ilang gulay tulad ng kangkong at lechugas.

2. Tanungin ang mga estudyante ng mga sumusunod:
 - a. Tungkol saan ang istorya?
 - b. Naranasan mo na rin ba ang parehong sitwasyon?
 - c. May kakilala ka bang nagtatanim rin ng mga gulay sa kanilang bakuran?
 - d. Ano ang iyong reaksyon sa nasabing kwento?
3. Inihayag ng istorya ang isa sa mga stages ng pag-tatanim ng mga gulay at halaman.
4. Sabihin ang paksa ng episode na papanoorin. Ito ay ang proseso ng pagtatanim ng gulay mula sa paghahanda ng lupa, pagtatanim ng buto, paglagay ng pesticide, at pag-aani.

XXXIV. Viewing Proper

AgriCOOLture (Grade 9)
Large Scale Farming, Risk of tractor accidents

XXXV. Post Viewing

1. Questions

- a. Tungkol saan ang episode?
- b. Ano ang mga bagong konsepto na iyong natutunan mula sa napanood na episode?

2. Review Questions (re the content)

- a. Ayon sa episode, ano ang pinagkaiba ng Direct Seeding sa Transplanting?
- b. Ayon sa episode, bakit kailangan iwasan na maputol ang ugat ng halaman sa paglilipat nito sa lupa?
- c. Ano ang kahalagahan ng pagbubungkal ng lupa bago simulan ang pagtatanim?
- d. Magbanggit ng isang uri ng organic pesticide na maaaring gamitin sa pagtatanim.

3. Deepening

- a. Sa iyong palagay, ano ang kahalagahan ng pagtatanim sa ating kapaligiran?
- b. Paano ka makakatulong sa pagp-promote ng pagtatanim ng gulay at halaman?

4. Group work/activity

Hatiin ang klase sa dalawang grupo. Bawat grupo at dapat gumawa ng isang maikling dula tungkol sa apat na stages ng pagtanim ayon sa napanood.

XXXVI. Synthesis and Valuing

Sa pagtatapos ng session, tanungin ang mga sumusunod:

1. Paano ka makakatulong sa pagppromote ng pagtanim ng gulay?
2. Sa anong natural na paraan ng pagtanim maiiwasan ang peste?

Ang pagtanim ng gulay ay isa sa mga paraan upang mapadami ang pagkain at matulungan mabigyan ng trabaho ang mga mamamayan. Kalakip sa proseso nito ang paghahanda sa lupa, kung saan pwedeng gamitan ng pala o equipment depende sa laki ng produksyon; pagtanim ng buto at paglilipat ng halaman mula sa paso; pags-spray ng pesticide mula sa organic na material, at paga-ani hanggang sa pagbebenta.